


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

# 3

*Zest for Progress*
*Zeal of Partnership*

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan – Modyul 3: Kultura Mo'y Ipakilala; Ipagmalaki at Bigyang-halaga!



**Name of Learner:** ______________________________

**Grade & Section:** ______________________________

**Name of School:** ______________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Vanissa S. Ceniza
Leizel C. Caballero

**Tagasuri:** Jurenda R. Amaro
Eva D. Busaing

**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:** Vanissa S. Ceniza / John Paul Alivio

**Tagalapat:** Vanissa S. Ceniza

**Tagapamahala:** Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI
OIC, Schools Division Superintendent

Visminda Q. Valde, EdD
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Raymond M. Salvador, EdD, CESE
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Juliet A. Magallanes, EdD
CID Chief

Florencio R. Caballero, DTE
EPS - LRMDS

Alma L. Carbonilla, EdD
EPS – Araling Panlipunan



# Alamin

- Nailalarawan ang pagkakakilanlang kultural ng kinabibilangang rehiyon (AP3PKR- IIIb-c-3)



# Balikan

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga katanungan. Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ito sa inyong papel.

1. Ano ang tawag sa nakagawiang mga gawain na nagpapasalin-salin mula sa mga ninuno hanggang sa kasalukuyan?

A. Rehiyon B. Kultura C. Sistema D. Pananaw

2. Ang mga sumusunod ay mga gamit o kasangkapan na maaaring nagmula pa sa mga sinaunang Pilipino, maliban sa isa. Alin ito?

A. banga B.cellphone C.barong D.palayok

3. Alin sa mga sumusunod ang masasabi mong bahagi ng materyal na kultura?

A. paniniwala B. Edukasyon C. kasuotan D. sining

4. Ano ang pagkakaiba ng paniniwala ng mga Muslim at Kristiyano?

A. Nagbibigay ng dote ang mga Muslim sa magulang nga kanilang mapapangasawang babae
B. Nagdarasal kay Allah ang mga Kristiyano.
C. Nagsusuot ng Barong at Saya ang mga Muslim.
D. Iniaayos ng mga magulang ang kasalan ng mga Kristiyano

5. Bakit kailangan pahalagahan ang kultura at tradisyon na iniwan ng mga sinaunang Pilipino?


A. Upang hindi malimutan ang pinagmulan ng kasaysayan.
B. Upang mapagkakakitaan ito
C. Upang magkaroon ng kapangyarihan
D. Upang maging mas angat sa ibang lahi.

**Aralin 3** | **Pagkakakilanlang Kultural ng Ating Rehiyon**

# Tuklasin

Ang bawat lugar ay may mga nakagawiang mga gawain na nagpapasalin-salin mula sa mga ninuno hanggang sa kasalukuyan. Ito ang pamamaraan na ginagawa ng mga tao upang sagutin ang kanilang suliranin o tugunan ang kanilang pangangailangan. Nakikita ito sa araw-araw nilang pamumuhay. Sa kanilang mga tradisyon at paniniwala, sa kanilang mga panlalawigang pagdiriwang, sa mga kagamitan, sa mga kasabihan, pananaw, sa kanilang mga awit, at iba pang sining.

Ang kabuoan ng lahat ng ito na naging paraan o sistema ng kanilang pamumuhay ay kasama sa kanilang **kultura**. Ito ay may dalawang uri, ang **materyal** at **di-materyal** na kultura.




Alamin natin ang pagkakaiba ng materyal at di-materyal na kultura sa ating lalawigan. Magbalik-tanaw tayo sa nakaraan.

## Materyal na Kultura

1. ***Kasangkapan***


Ang ating mga ninuno ay gumawa ng iba't-ibang uri ng kagamitan upang magamit sa pang araw-araw na pamumuhay. Natuklasan ang ilan sa mga ito sa mga yungib na ginawa sa nilang tirahan at sa loob ng mga banga. Inukit, hinasa at pinakinis ito ayon sa kagamitang nais nilang mabuo.





2. ***Kasuotan***

Katangi-tangi rin ang pananamit ng ating mga ninuno noon. Sa mga espesyal o pormal na okasyon, ipinapakita pa rin ang pagkamalikhain sa paggamit ng mga karaniwang materyales na nakikita sa kapaligiran. Ginagamit ang mga ito na sangkap sa paggawa ng mga kasuotan ng **tatlong pangkat etniko** na naninirahan sa **Rehiyon IX.**





***Subanen***-Karaniwang ginagamit ang kulay pula, itim, at puti sa kanilang kasuotan; **Suub** ang tawag sa kasuotan ng mga babae at lalaki; **Tapis** naman ang tawag sa saya ng mga Subanen; at **Tulapuk** ang tawag sa telang inilalagay sa ulo ng babae at lalaki.





***Kristiyano*** -Sa babae, **kamisa** o maikling blusang may manggas. Ang **alampay** o balabal ay ipinapatong sa kamisa, saya o paldang mahaba, at tapis o kapirasong tela. Sa lalaki, yari sa mahusay na telang may mahabang manggas na may burda sa iba't ibang bahagi nito.





***Muslim*** -Yari sa makukulay na kumbinasyon ang kanilang kasuotan. **Saul S'lah** ay isang maluwag at malaking pantalon na gawa sa malambot na tela na sinusuot ng mga babae at lalaki. **Dafeng** ang damit na pang-ibaba ng mga babae.







3. ***<u>Pagkain at mga Kagamitan</u>***

Karamihan sa mga pagkain ng ating mga ninuno ay nanggaling sa dagat, ilog, at mga punungkahoy sa kagubatan Niluto nila ang kanilang pagkain sa palayok o sa bumbong ng kawayan. Uminom sila gamit ang pinakinis na bao o biyas ng kawayan.










4.***<u>Tahanan</u>*** Ang ating mga ninuno ay walang permanenteng tirahan. Nanirahan sila sa loob ng kuweba. At sa paglipas ng panahon, natuto silang gumawa ng isang palapag na bahay na yari sa pawid, kahoy, kawayan, sawali, at kugon.



## Di- Materyal na Kultura

1. ***Edukasyon***

Ang unang edukasyon na natutuhan ng ating mga ninuno ay ang paghasa ng ama sa anak na lalaki sa paghanap ng pagkain at paraan ng pamumuhay. Samantala, ang mga babae na anak ay tinuruan ng ina sa mga gawaing pantahanan. Sila rin ay natutong bumasa at sumulat gamit ang katutubong alpabeto na tinatawag na **Alibata.** Ang alibata ay binubuo ng labimpitong simbolo na kumakatawan sa mga titik ng alpabeto.




2. ***<u>Kaugalian</u>***

Ilan sa mga ito ang mga kaugaliang sinusunod sa pag-aasawa.

**Kristiyano -** bago mag-asawa ang lalaki ay nanilbihan sa pamilya ng babaeng ibig niyang pakasalan. Gaya na lamang ng pag-igib ng tubig, pagsibak ng kahoy, at pagtulong sa pagbungkal ng lupa.



**Muslim -** ang pagbigay ng **dote** o bigay-kaya sa magulang ng babae. Ito ay ang pagbibigay ng mahahalagang bagay tulad ng alahas, lupa, at bahay.

**Subanen-** ang kasalan ay itinakda o inaayos ng mga magulang ng babae at lalaking ikakasal.

3. ***Pamahalaan***



Ang **barangay** bilang isang yunit ng pamahalaang lokal ay nakakuha ng inspirasyon sa **balangay,** isang uri ng bangka na ginamit ng mga dayuhan sa kanilang pagdating sa Pilipinas. Ang mga namuno sa mga barangay noon ay ang **datu** .

Sa panahon ng mga Espanyol, ang mga datu ay naging **cabeza de barangay** at naging bahagi ng **principalia.**

Naging **baryo** ito sa utos ni Pangulong Ferdinand Marcos noong 1978.

4. ***Paniniwala at Relihiyon***



Naniniwala ang mga sinaunang Pilipino na sagrado ang **espiritu ng kalikasan** at ni **Bathala** na may pinakamakapangyarihan sa lahat. Sa ating Rehiyon ay may iba't-ibang relihiyon din at paniniwala, gaya ng paniniwala kay Allah at sa Diyos.

5. ***Sining at Agham***

Makikita ang mga nakaukit at nakalilok sa bubong at ibang bahagi ng bahay ng ating mga ninuno.

Ang pagkahilig nila sa sining ay ipinakita rin sa mga **tattoo** nila sa mga bahagi ng katawan.



6. ***<u>Wika</u>***

Mahigit 100 wika ang salita ng ating mga ninuno sa bansa. Ang walong pangunahing wika ay Bikolano, Ilokano, Hiligaynon, Kapampangan, Pangasinan, Binisaya, Tagalog, at Waray.



# Suriin

Panuto: Tukuyin ang sumusunod na pangungusap. Iguhit ang ★ kung ang tinutukoy ay materyal na kultura; ♥ ang iguhit kung di-materyal na kultura. Isulat ang sagot sa iyong papel.

1. Tinuruan ng mga kalalakihan ang kanilang mga anak sa pangangaso at pangingisda.

2.Pinapakita ng mga sinaunang Pilipino ang kanilang sining sa paglalagay ng tattoo.

3. Ang mga sinaunang Pilipino ay nagpalipat-lipat ng tirahan.


4. Gumagamit ng mga karaniwang materyales na nakikita sa kapaligiran ang ating mga ninuno sa paggawa ng kanilang kasuotan.

5. Naniwala ang ating mga ninuno kay Bathala at iba pang mga espirituwal na tagabantay.



# Pagyamanin

Panuto: Iguhit muli ang Venn Diagram. Magbigay ng materyal at di-materyal na kultura na naaayon sa iyong kinabibilangang pangkat ng tao sa ating rehiyon.





# Gawain

Panuto: Piliin sa kahon ang tamang sagot sa bawat pahayag sa ibaba. Isulat ito sa inyong papel.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **edukasyon** | **wika** | **kasuotan** | **tahanan** | **Alibata** | **pamahalaan** |

1. Ang Datu ang pinuno ng isang balangay o barangay.
2. Ang mga magulang ang nagturo sa mga anak sa paghahanap ng pagkain at sa gawaing bahay.
3. Nagsusuot ng Tapis at Tulapok ang mga Subanen ng Rehiyon IX.
4. Binubuo ito ng labimpitong simbolo na kumakatawan sa mga titik ng alpabeto.
5. Nanirahan ang mga sinaunang Pilipino sa mga kweba.



# Isaisip

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Isulat ito sa iyong papel.

1. Ano ang kahulugan ng kultura?
2. Bakit walang pormal na edukasyon ang ating mga ninuno?
3. Bakit maituturing na malikhain ang ating mga ninuno?



# Tayahin

Panuto: Basahin nang tahimik. Piliin at isulat ang titik ng iyong sagot sa papel.

1. Ano ang tawag sa namumuno sa barangay sa panahon ng mga Espanyol?
   A. cabeza de barangay B. datu C. pangulo D. mayor
2. Ang pagbibigay ng dote sa mga magulang ng babaeng pakakasalan ay bahagi ng kultura ng mga _______________.
   A. Kristiyano B. Muslim C. Subanen D. Bicolano
3. Paano mo makikilala ang mga kaibigan nating Subanen sa ating rehiyon base sa kanilang kasuotan?
   A. nagsusuot ng Kamisa at Alampay
   B. nagsusuot ng Saul S'lah at Dafeng
   C. nagsusuot ng Tapis at Tulapuk
   D. nagsusuot ng amerikana

4. Paano ipinapakita ng mga sinaunang Pilipino ang kanilang pagka-malikhain?
   A. pag-ukit at paglilok ng mga kasangkapan
   B. pagdarasal sa kalikasan
   C. pamumuno sa barangay o baryo
   D. pagtitinda ng pagkain
5. Bilang isang Pilipino, paano natin mapapahalagahan ang kultura na iniwan ng ating mga ninuno/
   A. kalimutan ang kulturang ito dahil nasa makabagong panahon na tayo
   B. panatilihin at huwag ikahiya ang kaugalian na ipinamana at pinagmulan
   C. huwag igalang ang paniniwala ng ibang Pilipino
   D. itapon ang mga sinaunang gamit

# Karagdagang Gawain

Pumili ng isang materyal na kultura o di-materyal na kultura at ilarawan ito sa pamamagitan ng malikhaing sining tulad ng:

A. poster  B. awit o rap  C. tula  D. kuwento

## *Susi sa Pagwawasto:*

**Balikan**
1. B
2. B
3. C
4. A
5. A

**Pagyamanin**
May iba't-ibang kasagutan

**Tayahin**
1. A
2. B
3. C
4. A
5. B

**Suriin**
1. ♥
2. ♥
3. ★
4. ★
5. ♥

**Gawain**
1. Pamahalaan
2. Edukasyon
3. Kasuotan
4. Alibata
5. tahanan

**Isaisip**
1. Ang kultura nakagawiang mga gawain na nagpasalin-salin mula sa mga ninuno hanggang sa kasalukuyan
2. Materyal at Di-materyal
3 – 5. May iba't-ibang kasagutan.

## *Sanggunian:*

***Book :*** Araling Panlipunan 3 Quarter 3 Kagamitan ng Mag-aaral
***Website:*** Alibata - https://www.pinterest.ph/pin/317222367479954580/

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.